**Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

**Tanggapan ng Komisyonado ng Pribasiya para sa Personal na Data, Hong Kong**

Ang misyon ng Tanggapan ng Komisyonado ng Pribasiya para sa Personal na Data (PCPD) ay para tiyakin ang proteksyon ng Pribasiya ng mga indibidwal patungkol sa personal na data sa pamamagitan ng pagtataguyod, pagsusubaybay at pangangasiwa sa pagtupad sa Ordinansa ng Personal na Data (Pribasiya) (PDPO).

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | • Ang mga miyembro ng publiko at/o mga publiko at pribadong organisasyon ay maaaring magsagawa ng katanungan, reklamo at/o aplikasyon para sa legal na tulong PCPD kaugnay sa Pribasiya ng personal na data.<br><br>• Itinataguyod ng PCPD ang proteksyon at paggalang sa Pribasiya ng personal na data sa pamamagitan ng iba't ibang mga pamamaraan; at namamahala sa relasyon sa mga stakeholder.<br><br>• Upang matiyak na ang aming serbisyo ay madaling malapitan ng publiko anuman ang kanilang pinagmulang lahi, ginawa ang mga panukala upang malampasan ang hadlang sa wika sa pagkakaloob ng serbisyo. |
| Umiiral na Mga Panukala | • Ang aming mga serbisyo ay walang pinapanigan tungkol sa lahi at inihahatid sa dalawang opisyal na wika (Tsino at Ingles).<br><br>• Ang impormasyon sa proteksyon at paggalang sa Pribasiya ng personal na data ay nasa websayt ng PCPD sa dalawang opisyal na wika (Tsino at Ingles). Bilang karagdagan, lahat ng mga kodigo, patnubay, mga polyeto ng impormasyon at libreto na magagamit ng publiko ay inilathala sa dalawang opisyal na wikang ito. |

| | |
|---|---|
| | • Mag-aayos ng mga serbisyo sa wika kung kinakailangan at naaangkop. |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | • Ang panukala ay palaging sinusuri para sa tuloy-tuloy na pagpapabuti. |
| Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad | • Isasaayos ang serbisyong interpretasyon kung kinakailangan at nararapat sa pamamagitan ng Sentro para sa Etniko Minorya (CHEER). Ang CHEER ay nagbibigay ng serbisyong interpretasyong pantelepono sa walong wika, ito ay ang, Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese.<br><br>• Ang PCPD ay nagbalangkas ng mga pamamaraan ng paggawa para sa mga serbisyo sa wika at tiyakin na ahat ng mga kawani (lalo na ang mga kawani ng frontline) ay alam ang mga patakaran ng serbisyo sa wika; at pamilyar sa mga mga iniutos na mga pamamaraan sa paggawa, at bigyan ang mga kawani ng pana-panahong direksyon at tulong kung kinakailangan.<br><br>• Mag-aayos ng pagsasanay para sa mga kawani upang mapahusay ang kanilang kamalayan, at pagiging sensitibo, sa pagkakapantay-pantay ng lahi.<br><br>• Kokolektahin ng PCPD ang mga pangunahing impormasyon sa "ang pangangailangan para sa mga serbisyong interpretasyon/pagsasalin" at "ginustong wika" ng mga tagagamit ng serbisyong nangangailangan ng serbisyong interpretasyon/ pagsasalin upang masuri ang epekto ng aming mga patakaran at panukala sa pagkakapantay-pantay ng lahi, at bigyan daan ang tuloy-tuloy na pagpapabuti ng pagbibigay ng serbisyo. Magbibigay ng salaysay sa pagkolekta ng data sa mga tagagamit ng serbisyo bago kolektahin ang kaugnay na data. |

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay sa Nakakataas na Opisyal sa Personal na Data (Corporate Support) sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

| | | |
|---|---|---|
| Telepono | : | 2827 2827 |
| Fax | : | 2877 7026 |
| Email | : | enquiry@pcpd.org.hk |
| Postal Address | : | Room 1303, 13/F, Sunlight Tower, 248 Queen's Road East, Wan Chai, Hong Kong |

**Tanggapan ng Komisyonado ng Pribasiya para sa Personal na Data, Hong Kong**
**Mayo 2020**